Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagpili ng tamang panghalip na pananong

Panuto: Isulat sa patlang ang panghalip na pananong na bubuo sa pangungusap na patanong. Pumili sa mga panghalip na pananong sa kahon. Higit sa isang beses gagamitin ang mga panghalip na ito.

sino	sinu-sino	ano	anu-ano	kanino	nino	alin

1. _____ ang hihiramin mo kay Imelda?
2. _____ ang kasama mo mamili sa palengke tuwing Linggo?
3. _____ ang mga hanapbuhay ng mga mamamayan sa Batanes?
4. _____ ang palabas sa telebisyon na laging pinapanood ng mga bata?
5. Larawan _____ ang tinititigan ninyo diyan?
6. _____ ang mga mag-aaral na aawit ng Lupang Hinirang?
7. _____ ka magpapatahi ng tatlong uniporme para sa eskuwela?
8. _____ ang hindi mo pa natitikman, ang leche flan o ang keyk?
9. _____ ang mga kasama mo sa *Children's Choir*?
10. _____ ang mas mabigat, ang kahon o ang maleta?
11. Aklat _____ ang hinahanap ninyo?
12. _____ mo tinanong ang direksiyon papuntang *Manila Cathedral*?
13. _____ ang trabaho ng nanay nina Eleonor at Edgar?
14. _____ ang mga pasalubong na nabili ng mga turista?
15. _____ itong sapatos sa labas ng pinto?
16. _____ ang mas mura sa tindahan, ang kendi o ang tsokolate?
17. _____ ang tatawagan mo sa telepono?
18. _____ mo sinabi ang sikreto mo?
19. _____ ang nagsabi sa iyo na matutuloy ang biyahe?
20. _____ ang mga guro na sasama sa lakbay-aral natin?